
# Kunin ang healthcare na kailangan mo sa Medi-Cal, anuman ang iyong katayuan sa imigrasyon.





Simula Enero 1, 2024, ang mga nasa hustong gulang **edad 26–49** ay puwede nang mag-enroll sa Medi-Cal na may ganap na saklaw. Ibig sabihin, posible nang maging kwalipikado para sa **Medi-Cal na may ganap na saklaw** ang mga indibidwal anuman ang edad, anuman ang kanilang katayuan sa imigrasyon, kung matutugunan nila ang lahat ng iba pang kinakailangan sa pagiging kwalipikado

## Ano ang Medi-Cal?

Ang Medi-Cal ay isang pampublikong programa ng insurance sa kalusugan na nagbibigay ng mga libre at murang serbisyo sa pangangalagng pangkalusugan sa mga kwalipikadong residente ng California.

**Magpatuloy sa pagbasa para malaman ang higit pa**

Alameda County
**Social Services Agency**

DHCS

## Ano ang sakop ng Medi-Cal na may ganap na saklaw?

- Pang-emergency na pangangalagang pangkalusugan
- Mga regular na pagpapatingin
- Pangangalagang medikal, pangangalaga sa ngipin, pangangalaga sa kalusugan ng isip, pagpaplano ng pamilya, at pangangalaga sa paningin (mata
- Paggamot sa pag-abuso sa substance
- Mga inireresetang gamot
- Transportasyon papunta at mula sa mga pagbisita sa doktor, dental, at parmasya para sa pagkuha ng inireresetang gamot

## Makakaapekto ba sa katayuan ko sa imigrasyon ang pagtanggap ng Medi-Cal na may ganap na saklaw?

**Hindi, hindi ito makakaapekto.** HINDI ikinokonsidera ng U.S. Department of Homeland Security at U.S. Citizenship and Immigration Services ang pagtanggap ng mga benepisyo sa kalusugan, pagkain, at pabahay bilang bahagi ng pagtukoy sa public charge.

Para sa mga karagdagang FAQ, pakibisita ang **HealthyAC.org**

## Paano ako mag-a-apply para sa Medi-Cal?

### HealthyAC.org

Matutulungan kayong mag-apply ng mga organisasyong nakabase sa komunidad na malapit sa inyo at masasagot nila ang anumang tanong na mayroon kayo. Bumisita lang sa **HealthyAC.org** ngayon.

### BenefitsCal

Kung gusto ninyo, puwede rin kayong mag-apply mismo sa **benefitscal.com**.

**Huwag palampasin ang napakagandang oportunidad na ito para makakuha ng ganap na pagkakasakop na kailangan ninyo para manatiling malusog.**

**Mag-apply na para sa Medi-Cal!**